



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 137 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 7,
2025, IKA – 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro

Hindi Nakadalo:

Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

KAPASYAHAN BLG. 706
Taong 2025

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG
ROXAS, ORIENTAL MINDORO, BB. FE M. GADON


SAPAGKAT, si Bb. Fe M. Gadon ay pumanaw noong Abril 2, 2025 sa edad na limampu't walong taong gulang;

SAPAGKAT, siya ay naging kawani ng Pamahalaang Bayan sa loob ng tatlumpu't isang taon - nagsimula bilang Clerical Aide taong 1993 hanggang 1999; nagsilbing Assessment Clerk I mula 1999 hanggang 2021 at naging Local Assessment Operation Officer I mula 2021 hanggang sa kanyang pagreretiro nang maaga dahil sa kanyang karamdaman noong Disyembre 31, 2024;

SAPAGKAT, bilang isang kawani, ginampanan niya ang kanyang tungkulin nang may pagmamalasakit at dedikasyon at ang kanyang kabaitan ay naging daan upang siya ay mapalapit sa mga kasamahang empleyado at opisyal sa loob ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa;

SAPAGKAT, ang maagang paglisan ng dating kapwa lingkod-bayan sa pamahalaang bayan ay nagdulot ng kalungkutan sa bawat isang kanyang nakasama sa pagseserbisyo;


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, Bb. Fe M. Gadon.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Mariette R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, Bb. Fe M. Gadon, ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.


IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Bb. Fe M. Gadon lakip ang taupusong pakikiramay.

Pinagtibay: 07 Abril 2025

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo

